# CHAPTER 14

Chloe's POV;

"Bakit bigla ka na lang nawala nung friday? " tanong ni keila

Nandito kami ngayon sa canteen dahil lunch break,  at katulad ng dati pinag initan na naman ako ni Ms.  Fajardo kanina

"Long story tinatamad ako mag kwento" walang ganang sabi ko tyaka kumain ng kumain

"Te di uso sayo diet?  Baka tumaba ka nyan" pag rereklamo ni madison

"Hindi ako tumataba" angal ko

(¬_¬)

"Sana all" parinig ni angel dahil ang mga kinakain lang nila puro fruit salad tyaka pineapple juice samantalang ako nag chicken with extra rice pa

Nag patuloy lang kami sa pagkain namin, after lunch ay hindi kami papasok sa room dahil mag aayos kami sa gym para sa darating na aquaintance party

Pero bago pa ako matapos kumain ay nag karoon ng ingay sa loob ng canteen

"Hala! Nanjan na ang F4!!"

"At kasama nila si sunshine!"

"Lagot si chloe!! "

"Dapat lang sakanya yun masyado syang matapang!! "

"Oo nga!  Masyado syang pabida! "

Pinag patuloy ko ang pag kain ko at hindi inintindi ang mga sinasabi nila hanggang sa maramdaman ko ang pag hawak ni angel sa kamay ko

"Nanjan sila" bulong ni angel sakin pero pinag patuloy ko pa rin ang pagkain ko

"The b***h is here" rinig kong sabi ni shine

(¬_¬)

"Shine stop" rinig kong awat naman ni lucas kaya napadiin ang pag hawak ko sa tinidor na hawak ko

"No! Gusto ko lang ipa- realize sakanya na hindi lahat ng tao dito sa campus ay kaya nya! " sigaw ni shine

"oo nga!! "

"Tama!! Tama!! "

"Dapat lang sakanya yan"

"Masyado kang matapang!! "

"See? Hindi lang ako mag isa na may ayaw say-"

Hindi na nya naipag patuloy ang pag sasalita nya ng tumayo ako pero nasa pagkain ko pa rin ako nakatingin

"Shine,  damon let's go wag na kayong gumawa ng g**o" rinig ko namang sabi ni andrew

"Yeaa right let's go" pag sang-ayon naman ni zeke

"Seriously dre?  Kami pa ang gumagawa ng g**o? Baka hindi nyo alam naospital ang girlfriend ko ng dahil sakanya! " sigaw naman ni damon

"Dre stop! " sigaw ni lucas

"Why lucas?! Pag tatanggol mo yang babaeng yan?" hamon ni shine at napatingin naman ako kay lucas

Nag katinginan kami at para akong tanga na nag aantay ng sagot mula sakanya

"O- of course not ayoko lang ng g**o dito, and ayokong mapatawag din ni dean sa mga g**o nyo" sabi ni lucas tyaka umalis

Hindi ko alam pero nakaramdam na naman ako ng sakit na hindi ko maipaliwanag, pakiramdam ko nanlata ang buong katawan ko

"Chloe! " agad naman akong napatingin sa kakapasok lang na si kurt

'Thanks God! '

( ︶︿︶ )

"Ano na naman nangyayari dito? " tanong ni kurt na nasa tabi ko na ngayon

Kumunot ang noo ni shine na para bang ngayon nya lang nakita si kurt

"Who are you?" takang tanong ni shine

"I'm kurt, chloe's best friend" kunot noo na sabi ni kurt

"Edi may kakampi kana pala vegeta" pang aasar ni damon

"Can you ple---" hindi ko na pinatapos si kurt ng mag salita ako

"Kung kayo gusto nyo ng g**o pwes ako hindi... At ikaw damon ilang demonyo ba ang pumasok sa katawan mo at naulol ka ng ganyan? Wag kayong umasta na akala nyo kilala nyo ako! Kasi kahit ako hindi ko kilala ang sarili ko kapag nagalit ako" sabi ko at tumingin saglit kay shine

"Maawa ka sa katawan mo baka mabugbog masyado" sabi ko at ngumisi

Tumalikod at sakanila at sumenyas kila madison na aalis na kami kaya sumunod din sila agad hanggang sa makalabas kami ng canteen

"Grabe yung ugali ni shine hindi ko expect na ganun yun" sabi ni angel habang nag lalakad kami

"Oo nga e ang bait kaya sakin nun" sabi naman ni keila

"Ayyy nako!  Basta ako nanggigigil sakanya kanina sarap nyang ingudngod sa sahig! " inis na sabi ni madison

"Alam nyo lumayo kayo sa g**o hanggat maaga pa,  baka mag kadamayan pa" sabi naman ni kurt

Napairap na lang ako sa hangin at hindi na pinakinggan ang mga pinag uusapan nila

Agad kaming nakarating sa gym at halos patapos na rin pala sila mag ayos kaya tumulong na lang kami sa iba pang kailangan

Nag lagay na sila ng red carpet sa gitna at inilagay na rin ang mga tables sa buong gym, may mga nakasabit na rin na kung ano-ano para sa mga designs

"Ms. Scott" napatingin ako sa likod ng tawagin ako ng head teacher na si Ms. Ayana

"Yes ms.?"

"Paki kuha yung mic sa music room thank you" utos nya kaya wala na akong nagawa

"Gusto mo samahan kita? " tanong ni kurt

"Nope malapit lang naman yun" sabi ko at nag lakad na paalis

At andun na naman ang mga tingin ng tao sakin at mga konting bulungan pero dahil hindi naman ako tanga para pansinin pa sila hindi ko na lang pinansin

Bubuksan ko na sana ang door knob ng makita kong medyo nakabukas yun at may narinig akong kumakanta sa loob

"Tahan Na"

Hinga lang nang malalim

Kumapit lang sa akin

At huwag mo nang isipin

Ang sabi nila

Mga luhang pinipigil

Ibuhos lang sa akin

Ako'y mananatili

Sa iyong tabi

Tumingin lang sa 'king mga mata

Tahan na mahal ko

Di na magbabago

Ang pag-ibig sa'yo

Nandito lang ako

Nandito lang ako

Nandito lang ako

Hindi ko na natiis dahil gusto kong makita kung sino ang kumakanta kaya pumasok ako ng dahan dahan at laking gulat ko ng makita sya nakaupo sa harap ng piano

Dahan dahan syang tumingin sa gawi ko at parang nagulat pa ito ng makita ako, naramdaman kong unti unti akong kinabahan

"Why are you here? " tanong nya na agad naman akong natauhan

"K-kukunin ko lang yung mic" kabado kong sagot at unti unting nag lakad

At kung minamalas ka nga naman ay malapit sa tabi nya ang mic kaya wala na akong nagawa kundi kunin yun

Medyo nakahinga naman ako ng maayos dahil hindi sya nakatingin sakin at hindi ko makita ng maayos ang muka nya dahil madilim dito sa music room

Nang makuha ko ang mic ay patalikod na sana ako ng tawagin nya ako

"Wait, i want to talk to you" sabi nya habang nakatalikod ako sakanya

"About what? Wala na tayong dapat pag usapan" pag mamatigas ko

Napapikit ako ng marinig ko ang yapak  nya papalapit sakin

"I want to apologize" sabi nya at hinarap ako sakanya at laking gulat ko ng halos mag dikit na ang muka namin sa isat isa kaya umatras ako

Tumingin ako sa mga mata nya na mas lalong nag pakaba sakin,  humakbang ulit sya pero umatras ako, nag paulit ulit lang kami hanggang sa wala na akong naatras at papikit na sana ako dahil akala ko babagsak ako pero naramdaman ko ang pag hapit ni lucas sa bewang ko

ʘ ︵ ʘ

'Ang ending?  Eto nasa ibabaw ko sya galing diba? '

Medyo masakit ang likod ko dahil sa pag ka bagsak pero hindi ko yun ininda ng mapako ang tingin ko sa mata ni lucas dahil halos maduling nako sa lapit ng muka nya sakin

"Friday night, tita kylah told me na umuwi ka ng lasing at mugto ang mata. I was worried about you that night dahil hindi mo naman sinasagot ang tawag ko" halos pabulong na sabi nya dahil mag kalapit ang muka namin

Hindi ko alam pero wala akong lakas para umalis sa pwesto namin alam kong medyo malaswa ito sa paningin ng iba pero hindi ko alam kung ano ang gagawin ko

"I really like you pero kahit saan ko tignan mali... Maling mali" sabi nya at pumikit

Unti unting lumapit ang muka nya sakin hanggang sa maramdaman ko ang mainit nyang hininga kaya pumikit ako ng mariin

Nag tama ang ilong namin pero biglang nag ash back  sakin lahat ng sinabi nya kaya napadilat ako at pinwersa ko syang tinulak

"Maling mali lucas" sabi ko at tumayo at patakbong lumabas ng music room

Habang tumatakbo ako ay pakiramdam ko konting sakit na lang tutulo na ang mga luha ko pero pinigilan ko yun hanggang sa makapunta ako sa gym na hingal na hingal

Binigay ko na ang mic at bumalik sa pwesto nila madison at parang takang taka pa silang nakatingin sakin

"Siz bakit tumatakbo ka?  May humahabol sayo? " takang tanong ni madison

"A-ahh wala lang" pag papalusot ko

"Ahmm chloe..." napatingin ako kay kurt na parang nahihiya

"Bakit? " kunot na tanong ko

"Go kurt sabihin mo na" sabi ni angel sakanya

"Wag kana mahiya kurt" aabi naman ni keila kaya lalo akong naguluhan

"Ahmm...  Chloe...  C-can you be m-my date sa prom? " utal na tanong nya

"Yieeeee!!! " pang-aasar nilang tatlo

"No problem" sagot ko na lang dahil wala ako sa mood at mukang wala rin akong choice

Nag patuloy pa kami sa pag aayos hanggang sa mag uwian na at nag paalam na kami aa isa't isa,  nauna ng nakaalis si kurt at sunod sunod namang umalis sila madison, keila and angel at ilalagay ko na sana ang helmet ng may lumapit sakin na babae hindi naman sya ganun na tanda siguro mga kasing edad nila mom

"Mag iingat ka ija" sabi nya kaya nag taka ako

"T-thank you" sabi ko na lang

"Mag iingat ka... Queen" sabi nya na sobrang kinagulat ko

Nilibot ko ang paningin ko at ng masiguro kong walang tao ay tumingin ako sakanya

"Sino ka?  Anong alam mo sakin?  At bakit kilala mo ako? Do I know you? " sunod sunod kong tanong

"Hindi na mahalaga kung sino ako,  nandito ako para paalalahanan ka... Kailangan mong mag handa" sabi nya at may namuong kaba sa loob ko

"Mag handa para saan? " tanong ko

"Sa darating na kapahamakan sayo" sabi nya at halos magulo na ang utak ko kakaisip kung ano ano ang mga sinasabi nya

"At mag handa ka... Dahil may mawawala sayo"

"Dahil may mawawala sayo"

"Dahil may mawawala sayo"

"Dahil may mawawala sayo"

"Dahil may mawawala sayo"

"Dahil may mawawala sayo"

Halos mag echo yan sa utak ko na halos gumulo ng buong pag katao ko na parang may kung anong sakit at pag kakutob na namuo sa sarili ko

"Hindi ko alam sinasabi mo...  Pasensya na aalis na ako" sabi ko at sinoot ang helmet ko

"Humanda ka sa sakit" hindi ko na narinig ang sinabi nya dahil pinaandar ko na ang motor ko paalis

Ang daming nangyari ngayon at parang hindi ko na kaya kung may mga susunod pang mangyayaring hindi maganda

Hindi mawala sa isip ko yung sinabi ng babae,  masyado syang nakakadala at sobrang misteryo nya

Pinaharurot ko ng sobrang bilis ang motor ko dahil sa mga iniisip ko,  sobrang g**o ng utak ko na parang hindi ko na kakayanin pero isa lang ang nasa isip ko

"Ang Pamilya ko"

*************

KEEP READING( ˳♡‿♡ ˳ )